Praymer ukol sa RA 9775 (Anti-Child Pornography Law) para sa Lokal na Pamahalaan

Ang usapin ng "child pornography" ay hindi na bago sa Pilipinas, kahit noong dekada 60 at dekada 80, ang child pornography ay nangyayari na sa ating bansa. Sa pag-usad ng panahon, nagkaroon na rin ng ibang dimensyon ang child pornography dahil sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya, kagaya ng computers, cellphones, tablets at ng internet, ang problema ng child pornography ay lalong lumala. Sa harap ng mga usapin na ito, ang batas ukol sa child pornography –ang RA 9775 – ang magsisilbi na isa sa mga sandata para labanan ang problema na ito. Malaki ang papel ng lokal na pamahalaan para matugunan ang problema ng child pornography.

Ano ang child pornography?

Ayon sa RA 9775, ang child pornography ay ang;

• *Pampubliko o pribadong pagrere-presenta sa kahit anong kaparaanan ng isang bata, na gumagawa o ginagawan ng tunay o kunwari na malaswang sekswal na Gawain (real or simulated explicit sexual activity), o di kaya'y pagre-representa ng mga pribadong parte ng kanilang katawan para sa sekswal na gawain.*

Ano ang mga pinagbabawal ayon sa RA 9775?

- *Pagkakaroon ng kopya, o di kaya'y pag-access sa child pornography*
- *Pag-gawa ng child pornography*
- *Pagbebenta ng child pornography*
- *Pagpapakalat ng child pornography*
- *Hayaan na ipagamit ang bata para makagawa ng child pornography*
- *Paglalaan ng pahintulot na magamit ang lugar o espasyo para sa pag-gawa ng child pornography*
- *Pag-engganyo sa bata para makagawa ng child pornography*
- *Hindi pagrereport kung may matutuklasan na paglabag sa RA 9775*

Ano ang mga tungkulin ng local na pamahalaan ayon sa RA 9775?

- Pagpasa ng mga lokal na batas o ordinansa na tutulong sa pagsugpo sa child pornography
- *Mag-monitor at mag-regulate ng mga tinatayo at nag-ooperate na internet cafés at mga kahalintulad na establisimyento para mapigilan ang paglabag sa mga pinagbabawal sa batasna ito.*
- *Mag-monitor at mag-dokumento ng mga kaso ng child pornography sa mga lugar nanasasakupan, sa pamamagitan ng local social welfare and development office.*
- *Magkaroon ng "information and dissemination campaigns" para mapigilan ang child pornography*
- *Suportahan ang pagkakaroon ng national databases, sa pakikipagtulungan sa DOJ at DSWD sa pamamagitan ng regular na pagpapadala ng reports mula sa mga local social welfare and development offices*
- *Maglunsad at sumuporta sa mga community-based initiatives laban sa child pornography*
- *Magbigay ng basic social services para sa prevention, rescue, recovery, rehabilitation at reintegration/after care support services para sa mga biktima ng child pornography at sa kanilang pamilya;*
- *Magpasa at magpatupad ng mga ordinansa o issuances na naglalayon na magbigay proteksyon at suporta sa mga biktima ng child pornography at magtalaga ng mga hakbang para sa pagpigil at pagsugpo ng child pornography, kasama na ang pagkansela ng mga lisensya ng mga establisimyento upang makapag-operate.*
- *Makipag-ugnayan sa IACACP at DILG upang masigurado ang uniformity at consistency sa pagitan ng mga lokal na ordinansa o issuances at sa IRR ng batas;*
- *Siguraduhin ang pakikilahok ng Sangguniang Kabataan (SK), at alokasyon sapat na pondo mula sa SK funds para sa mga inisyatibo laban sa pornography sa barangay level;*
- *Pagtibayin, buhayin at pakilusin ang mga child-focused committees, councils, kahalintulad na organisasyon, at LGUs sa lahat ng antas para mapigilan at masugpo ang child pornography cases;*
- *Tumulong sa pagsasampa ng mga kaso ng child pornography.*

Nais magreport?:

PNP Patrol 911
PNP ACG: Tel. No. (02) 723-0401 local 5354 Fax No. (02) 414-1560
NBI: (02) 523-8231 to 38 local 3454 to 3455
DOJ-OOC Tel. NO.(02) 524-82-16
DSWD: Text DSWD <space> blockchildporn <space> URL address and send to 2327or Text blockchildporn <space> URL address and send to 0918-9122813

Inihanda ng:

Stairway Foundation Inc.
a learning and resource center for children's rights
break the silence #StopChildPornPh